

CHAPTER *One*

“*O* y!”
Napatalon si Nico nang bigla na lang may kumalabit sa kanya. Tiningnan niya nang masama si Sam.

“Baka matunaw ’yan,” nakangising anito.

Namula siya. Hindi niya alam na napansin pala nito ang ginawa niyang pagtitig kay Kalea. “Ang ganda talaga niya ’no?”

Napailing ito. “Ang lakas talaga ng tama mo kay Ma’am.”

“Crush lang ’to,” pabalewalang sagot niya.

Oo, crush lang talaga. Limang taong paghanga sa dalagang nagmamay-ari ng hotel na pinagtatrabahuhan niya.

“Halika ka na. Baka ma-late tayo,” aya na niya

pero hindi gumalaw. Nakita niyang naglakad ang dalaga, palapit sa kinatatayuan nila. May kung ano itong hinahanap sa bag nito. “Good morning, Ma’am!” bati niya.

“Good morning!” distracted na sagot nito.

Na-disappoint si Nico dahil saglit lang itong tumingin sa kanya, bago sila nilagpasan. Nagbuntong-hininga siya. Napapalatak naman si Sam. “Huwag ka nang magtaka. Langit si Ma’am, lupa ka. Halika ka na.”

Wala siyang nagawa kundi sumunod sa kaibigan matapos bigyan ng huling sulyap ang dalagang pasakay ng elevator.



“Good morning, Mom!” bati ni Kalea sa inang naabutan niyang nagkakape sa dining room.

“Morning, baby!” sagot nito sa mahinang boses. Napansin niyang namumugto ang mga mata ng ginang at hawak ang ulo. Mukhang malakas ang hangover nito.

“Uminom na po ba kayo ng gamot?” nag-aalalang tanong niya.

“Mamaya pagkatapos kong magkape.” Humigop ito ng kape.

“Mom, may I ask you something?” tanong niya. Hindi siya nakikialam sa buhay ng ina kahit kailan,

ni hindi siya nagtatanong. Pero ngayon ay nasaid na ang curiosity niya.

“Ano ’yon?”

“Hindi pa rin po ba kayo nagsasawang masaktan? At paano n’yong nagagawang magmahal muli sa dami ng sakit na pinagdaanan n’yo?” puno ng sinseridad na tanong niya.

Bahagyang napapikit ang ina bago napangiti saka tinapik ang kanyang kamay. “Kung hindi ako susubok, paano ko mahahanap ang lalaking magmamahal sa akin? Sabi nga, ‘it’s better to love and lost than to never love at all.’ ”

“I disagree. It’s stupid. Bakit mo naman isusugal ang sarili mong masaktan?”

“Bata ka pa, Kalea. At alam kong natatakot kang magmahal dahil sa nakita mong experience ko. Pero sasabihin ko sa ’yo, anak, kapalit ng luha ay ang ligaya. Pagtanda ko, babalikan ko ang parteng ito ng buhay ko nang may ngiti sa labi. At wala akong pagsisisihan dahil alam kong ginawa ko ang lahat para makamit ang ligayang hinahanap ko. At kahit pa iniwan ako ng mga lalaking minahal ko, at least sa kaunting panahon ay minahal nila ako. Para sa akin sapat na iyon, Kalea.” Punong conviction ang tinig nito. May pinalidad din doon. Ngayon lang niya ito narinig na nagsalita nang ganoon at hindi niya maiwasang humanga sa katapangan nito.

“Panalangin ko lang, sana matagpuan mo rin ang pagmamahal na nararapat para sa ’yo, Kalea.”

“Hindi ko kailangan ng lalaki para lumigaya, Mommy. Nandiyan naman kayo para punuan ang pagmamahal na kailangan ko.”

“Oh, Kalea, huwag mong sabihin iyan. Ayaw mo bang magkaanak? Alam mo namang ikaw, higit kanino man ang kaligayahan ng buhay ko, Kalea.”

Naluha siya sa sinabi ng ina. Kahit na lagi itong lulong sa mga nobyo nito, hindi ito nagkukulang sa pagpapakita ng suporta at pagmamahal sa kanya.

“I know, Mom. At mahal ko din kayo.” Huminga siya nang malalim bago nagpatuloy. “And speaking of baby, gusto kong magkaanak. Pero ayoko ng asawa.”

“Ano! Nasisiraan ka na ba ng bait, Kalea? Gusto mong maging dalagang ina?” histerikal na tanong ng ina.

“Shh, Mommy, hinaan n’yo ang boses n’yo.”

“Huwag mo akong i-shush. Ano’ng nakain mo at naisip mo ang ganyan? At kailan mo pa nabuo ang kabaliwang iyan?” halos pasigaw pa ring tanong nito.

“Mom, nasa tamang edad na ako para gumawa ng desisyon. Kaya ko lang sinasabi ’to kasi ayaw kong magulat kayo kapag isang araw, umuwi akong buntis na. At alam kong nabigla ko kayo, pero alam ko namang kapag kumalma kayo, susuportahan n’yo

pa rin ako kasi mahal mo ako,” kalmado ang tinig na paliwanag niya.

“Kalea, pag-isipan mong mabuti ang bagay na ito.”

“I did, Mom. Matagal ko nang pinag-iisipan. At hindi naman ako natatakot na maging dalagang ina. Madami nang single parent sa Pilipinas. Saka nandiyan naman kayo para sa akin. I’ll be fine.”

Naiintindihan niya ang concern nito. Ina ito at natural lang na mag-alala ito sa kanya. Pero buo na ang pasya niya. Sa katunayan, balak niyang umpisahan ang plano ngayong araw.



“Nico, ipinapatawag ka ni Ma’am Kalea. Pumunta ka daw doon, pagkatapos ng break mo,” sabi ni Jessica, isa sa mga waitress na kasamahan.

Abala sila dahil oras ng tanghalian at madami nang customers. Siya ang head waiter sa restaurant ng *Sapphire Hotel* na pagmamay-ari ng pamilya Montero. Ilang taon na rin siyang nagtatrabaho doon; nag-umpisa siya bilang simpleng serbidor lamang hanggang sa maging head waiter na siya. Laking tuwa niya nang sabihin ng manager na siya ang napiling kapalit ng nagretirong head waiter

“Alam mo ba kung bakit ako ipinatawag?” kabadong tanong niya.

“Hindi, eh. Pero sigurado akong wala namang problema. Wala ka namang ginawang pagkakamali.” Tinapik siya nito sa balikat bago umalis para mag-serve ng mga pagkain.

Pero hindi nawala ang kaba sa kanyang dibdib. Matapos ang lunch break niya, umakyat siya sa opisina ng boss at kabadong kumatok sa pintuan nito matapos ianunsyo ng sekretarya ng dalaga na nandoon na siya.

“Come in,” tawag ng boses ni Kalea mula sa loob.

“Magandang hapon po, Ma’am!” bati niya matapos pumasok sa opisina nito. “Ipinatawag n’yo daw ho ako,”

“Yes, have a seat.”

Walang salitang naupo siya sa upuang kaharap ng mesa nito. Walang pag-aalinlangang sinalubong niya ang mga mata nitong nakatutok din sa kanya. Kahit na kinakabahan, nagawa pa rin ni Nico na hangaan ang taglay na kagandahan ng dalaga.

“Ano ho’ng dahilan ng pagpapatawag n’yo sa akin?” deretsang tanong niya. Habang tumatagal kasi ay lumalala ang nerbiyos niya.

“Mr. Sandiego, gaano ka na katagal na nagtatrabaho dito sa *Sapphire Hotel*?”

Napalunok siya bago sumagot. “Limang taon na po, Ma’am.”

“Derechahin na kita. I like you, Mr. Sandiego.

Masipag at epektibo sa trabaho. May ambisyon ka rin. Nakita ko iyan sa ilang taong pagtatrabaho mo dito.”

“Thank you, Ma’am.”

“Alam ko ring sa trabaho nakabuhos ang atensyon mo.” Muntik nang tumaas ang kilay niya. “Siguro nagtataka ka kung bakit ko alam. Simula nang mag-umpisa ka dito, nakuha mo na agad ang atensyon ko. Mula noon, sinubaybayan ko ang trabaho mo. At ngayon, inalam ko din ang personal mong buhay. I will tell you more. Pero hindi dito.” Ikiniling ng babae ang ulo, parang tinatantiya ang magiging reaksiyon niya. “Mr. Sandiego, will you have dinner with me?”

“Ho?”

CHAPTER *Two*

*H*indi pa rin makapaniwala si Nico na magkasama sila ngayon ni Miss Kalea Montero, isang sikat na socialite at tagapagmana ng *Sapphire Hotel* na pinapasukan niya.

Pagkatapos ng shift niya sa restaurant, umakyat siya sa penthouse kung saan naghihintay sa kanya ang boss niya. Nakahanda na rin ang isang mesa para sa hapunan nila.

Luminging siya sa paligid, hindi naman romantic ang setting, kaya binura na niya ang ideyang iyon.

“Tuloy ka. Kanina pa ako nagugutom. Madami akong trabaho kanina kaya hindi ako nakapagmerienda,” neutral ang tonong sabi nito. “Siguro gusto mo nang pag-usapan ang rason kung bakit tayo magkasama ngayon. Pero puwede bang

kumain muna tayo? Nag-order na ako ng hapunan habang naghihintay sa 'yo."

"Sige po, Ma'am, mahirap nalilipasan ng gutom, baka magka-ulcer ka. Mayaman naman na po kayo, dapat hinay-hinay sa trabaho."

Saglit na natigilan ang kausap at napatitig sa kanya. Medyo kinabahan tuloy siya na baka may nasabi siyang hindi maganda. Nagulat pa siya nang tumawa ang dalaga. Nakahinga naman siya nang maluwag. Walang salitang ipinaghila niya ito ng upuan bago naupo rin sa tapat nito.

"Thank you sa pag-aalala, Nico. May I call you 'Nico'?"

"Yes, Ma'am."

"Tawagin mo rin akong 'Kalea.' Sa ngayon, hindi boss at employee ang role natin, deal?"

Saglit siyang nag-atubili, parang naiilang na basta na lang tawagin ito sa pangalan. "Sige, Kalea," sang-ayon na lang din niya.

Ngumiti ito at nahigit niya ang paghinga.

"Kumain ka na. S'abi mo gutom ka," nasabi na lang ni Nico.

Nakangiti pa ring sumunod ang dalaga sa sinabi niya.

Habang kumakain, pinagsilbihan niya ito. Natural na iyon sa kanya, ang alagaan ang mga taong nasa paligid niya.

Nasa kalagitnaan na sila ng hapunan nang muling magsalita ang dalaga. “So, Nico, kumusta naman ang kapatid mo? Abigail right?” usisa nito.

Nagulat siya. “Paano mo nakilala ang kapatid ko?”

“Ilang beses siyang nagpunta dito sa hotel, nakita ko siya. At di ba sinabi ko sa ’yong inalam ko ang tungkol sa personal mong buhay. Si Abigail, ga-graduate na siya ngayong April. At ikaw ang nagpapaaral sa kanya. Nagtapos ka din ng kursong HRM, ’yung two-year. Tama ba ako?”

“Oo. Pero paano mo nalaman ang lahat ng ito? At bakit?” nalilitong tanong ni Nico. Malabo namang magkagusto ang dalaga sa kanya; langit ito, lupa siya.

Nagpunas muna ito ng bibig bago umayos ng upo at dinerecho ang tingin sa mata niya. Bumilis ang tibok ng kanyang puso at tumitig din siya sa magagandang mata nito, naghintay sa susunod na sasabihin ng babae.

“Alam mo ba ang kuwento ng buhay ko, Nico? Bukod sa ako ang tagapagmana ng *Sapphire Hotel*, ano pa ang alam mo tungkol sa akin?”

Saglit siyang nag-isip. Pribado ang buhay ng amo at ang alam niya tungkol dito ay narinig niya lang sa mga kasamahang empleyado.

“Nag-iisa kang anak. Naghiwalay ang mommy at daddy mo noong bata ka. At hindi na muling nag-

asawa ang mommy mo. Ang daddy mo nama'y may iba nang pamilya," sagot niya. Hindi na niya sinabing alam din niyang papalit-palit ng nobyo ang dalaga.

"Right. Tama lahat iyan. At sigurado din akong alam mong walang nagtagal na relasyon ko. Let me be frank, Nico. Hindi naging maganda ang pagsasama nina Mommy at Daddy. Nasaksihan ko kung paano na-heartbroken si Mommy at hanggang ngayon ay patuloy na nasasaktan. Ayokong matulad sa kanya. I tried pero hindi ko talaga makayang sumugal. Ironic, hindi ba? Heto ako, isang businesswoman at alam nating sa mundo ng pagnenegosyo, sugal ang kailangan." Mahina itong tumawa. Hindi naman siya umimik. "Pero iba ang personal na buhay. Sa negosyo, bank account ko lang ang masasaktan kung magkamali ako. My heart is too important to risk."

Naiintindihan niya iyon. Nasaksihan din niya kung paano nagdusa ang ama sa ngalan ng pag-ibig. Kaya nga siya ang bumalik sa pamilya niya sa batang edad dahil sa kabiguang tinamo ng tatay nila, na hindi nito kinaya at sumuko sa tawag ng alak at barkada, pati babaeng bayaran.

"Naiintindihan ko. Takot ka. Pero ano ang role ko rito?" prangkang tanong ni Nico. Sumandal siya at tumitig sa dalaga.

"I have a proposition for you. Pero bago ko sabihin, gusto kong ipangako mong walang

makakaalam ng bagay na ito.” Sinalubong nito ang kanyang mga mata, tinatantiya kung magsasabi siya ng totoo.

“Paano ka makakasigurong tutuparin ko ang pangako ko?” hamon niya.

Ngumiti ito, tiwala sa sarili. “Maprinsipyo kang tao, Nico, at alam kong may isa kang salita. You’re honorable and proud, traits that I admire about you.”

Saglit siyang hindi nakaimik. Hindi niya akalaing kilala nito ang klase ng kanyang pagkatao. Ang akala niya, masyado siyang mababa para mapansin nito. At may parte ng pagkatao niya na gustong marinig ang proposisyong sinasabi ni Kalea. Hindi lang niya derechong masasabi kung papayag siya.

“Sige, makikinig ako. At ipinapangako kong walang makakaalam nito maliban sa akin.”

Tumango ito bago yumuko at may kinuhang papel sa bag. Iniabot sa kanya. Pero bago pa man niya mabasa ang nakasulat doon, muling kinuha ng dalaga ang atensyon niya.

“Nico, ayoko ng asawa dahil ayokong ibigay ang kontrol ng buhay ko sa isang tao. Pero gusto kong magkaanak. Matagal akong nag-isip at pumili kung sino ang puwedeng maging ama ng magiging anak ko.” May nabubuo na siyang suspetsa pero naghintay siyang matapos itong magpaliwanag. “Naisip kong magpabuntis na lang sa mga naging nobyo ko, deep

inside alam kong hindi 'yun magwo-work out. Lahat ng naging nobyo ko ay mula sa maykayang pamilya, at aaminin kong ilan sa kanila ay spoiled at sanay makuha ang gusto. At gusto kong nasa akin ang sole custody sa anak ko.”

“So ano’ng gusto mong sabihin? Gusto mong ako ang maging ama ng anak mo?” hindi makapaniwalang tanong ni Nico.

Isang parte ng isip niya ay nabuo ang imahe nila kung saan malaya siyang angkinin ang dalaga. Kung saan gugugulin niya ang buong gabi para sambahin ang mala-diyosa nitong kagandahan.

Bago pa man magkaugat ang isiping iyon, agad na niyang pinalis iyon.

“Babayaran kita ng limang milyon kapalit ng serbisyo mo.” Kontrolado at walang emosyon ang tinig ni Kalea.

Gusto niyang tumayo at alugin ito para makita kung nasa tamang pag-iisip pa ang dalaga. Pero nakita niya ang determinasyon sa mga mata nito at alam niyang ciento por ciento na seryoso ito.

“Gusto mong ipagbili ko ang anak ko, hindi pa man siya nabubuo?” maigting ang tinig na tanong niya. Kumuyom ang kanyang mga kamao.

Ininsulto nito ang pagkatao niya kung inakala nitong mabibili nito ang kanyang prinsipyo. Kung magkakaanak siya, sisiguruhin niyang nandoon

siya sa tabi nito hanggang sa paglaki. “Mahirap lang ako, Miss Montero, pero hindi ko ipinagbibili ang prinsipyo at pagkatao ko. Hindi ako interesado sa perang hindi ko pinaghirapan, lalo na kung magiging anak ko ang kapalit. Importante sa akin ang pamilya.”

Ibinagsak niya ang papel na hawak sa lamesa at tumayo na.

“Nico,” tawag ng dalaga na tumayo rin.

“Tama na, Miss Montero. Wala na tayong dapat pag-usapan. Na-disappoint lang ako dahil akala ko, totoo ang sinabi mong kilala mo ang pagkatao ko. Kung talagang kilala mo nga ako, hindang-hindi ka lalapit sa akin tungkol sa bagay na ito. Pero huwag kang mag-alala, walang makakaalam ng naging pag-uusap natin ngayon. Tutuparin ko pa rin ang pangako ko. Para sa akin, hindi nangyari ang gabing ito.”

Walang salitang lumabas siya ng suite, derecho sa elevator. Nagngingitngit pa rin ang kaloob niya.

Oo, mahirap lang sila pero matatag naman ang trabaho niya at magtatapos na rin ang kapatid niya. Hindi sila lubog sa utang. Kapag nakatapos na si Abbie sa kolehiyo, mas makakaluwag na siya at baka maipagpapatuloy na niya ang kursong HRM para makakuha ng degree.

“O, bakit gising ka pa? Hindi ba sinabi ko na sa

'yong huwag mo na akong hintayin kasi gagabihin ako?" sita niya sa kapatid na naabutan niyang nanonood ng TV. "Si Tatay, tulog na ba?"

"Nag-aral kasi ako, may exam kami bukas. Si Tatay, tulog na, nalasing kanina," sagot nito, hindi tumitingin sa kanya.

Napansin niyang malungkot ang aura ni Abbie. Walang imik na naupo siya sa tabi nito. Hinila ito ni Nico at inakbayan, sumandal naman ito sa balikat niya. Malapit sila sa isa't isa dahil sila na lang ang magkakampi. Naging palainom ang tatay niya mula noong iwan ito ng kanyang nanay at sumama sa isang 'Kano noong nagtatrabaho ito sa Hong Kong. Hindi iyon natanggap ng ama kaya nagpakalulong ito sa bisyo.

Noong bata siya, kinailangan niyang magtrabaho—maglako ng diyaryo, candy at sigarilyo sa kalsada—para may pambaon silang magkapatid papuntang eskuwela. Minsan naman sa gabi ay naglalako din siya ng balut, tumutulong din siya sa palengke, nagbubuhay ng kung anu-ano para lang kumita. Mabuti na lang at madaming nakakaintindi sa kanya kaya binibigyan siya ng trabaho.

Kaya naman si Nico ang idolo ng kapatid dahil naigapang niya ito sa pag-aaral, maging ang sarili. Halos hindi na siya matulog noon para lamang kumita at mag-aral.

“Nagpunta na naman siya dito kanina kaya naglasing si tatay,” kuwento ng kapatid sa maliit na tinig.

Hindi na kailangang tanungin ni Nico kung sino ang sinasabi nito. Nanay nila iyon. Ilang beses itong nagpabalik-balik, humihingi ng tawad sa kanila matapos ilang taon na wala silang narinig mula rito. Pareho silang hindi makayang magpatawad. Ang laki ng paghihirap na dinanas nila dahil sa kasakiman ng ginang. Winasak nito ang magandang pamilya nila dahil lamang sa tawag ng laman.

Nagbuntong-hininga siya at humigpit ang yakap kay Abbie. Saksi siya sa mga gabing umiiyak ang kapatid noon habang tinatawag ang pangalan ng ina. Isa iyon sa mga dahilan kung bakit hindi niya magawang patawarin ang nanay nila.

“Ano’ng kailangan niya? Hindi ba sinabi na natin na hindi na natin siya kailangan sa buhay natin? Lumaki tayong wala siya at makakaya pa rin nating magpatuloy nang wala siya. Bakit hindi na lang siya bumalik sa America kaysa ginugulo niya tayo? Maayos na si Tatay, ngayon, nagsisimula na namang uminom dahil sa kanya. Hindi pa ba sapat ang mga pasakit at hirap na ibinigay niya sa atin noon?” galit na tanong niya.

Naramdaman ni Nico ang pagpatak ng luha ng kapatid at alam niyang gaya niya, nahihirapan

at nasasaktan din ito. Gusto niyang pumunta sa pulisya at kumuha ng restraining order para sa ina pero ayaw niyang isiwalat sa mundo ang bulok na istorya ng buhay nila.

“Shh, tahan na. Magsasawa rin siya at pababayaang na niya tayo,” alo niya. Gusto niyang manakit ng tao; ayaw niyang nakikitang umiiyak ang kapatid. “Hindi ba gusto mong pumunta sa Boracay pagkatapos ng graduation mo? Malapit na iyon. Ayoko pa sanang sabihin sa ’yo pero nag-iipon ako ng pamasaha mo papunta doon.”

Gaya ng inaasahan, nabaling ang atensyon ng kapatid sa sinabi niya. Naiwaglit sa isip nito ang nanay nila.

“Talaga? Hindi joke ’yan?” excited na tanong nito.

Tumawa si Nico at ginulo ang buhok ng dalaga. “Oo, sasama sana ako pero alam ko namang mga kaibigan mo ang gusto mong makasama. Basta ipangako mong mag-iingat ka doon, okay?”

“Promise, Kuya. Ang bait mo talaga, kaya love na love kita eh.” Tuwang-tuwang yumakap ito sa kanya.

Natawa siya. “Nambola ka pa. Sige na, matulog ka na. May pasok ka pa bukas. Huwag mo pala akong gisingin nang maaga bukas kasi day-off ko.”

“Alam ko, Kuya. Saka half-day lang naman ako bukas, sa hapon lang ang klase ko kaya okay lang

na late akong matulog ngayon. Teka, kumain ka na ba? May naiwan pang tinola diyan. Kung gusto mo, iinit ko para sa 'yo."

Kumalam ang sikmura ni Nico at naisip ang disaster na gabi niya. Hindi na niya naubos ang pagkain kanina.

"Sige nga, ipaghain mo ako. Magpapalit lang ako ng damit," aniya. Tumayo silang dalawa, pero bago pa makalayo ang kapatid, hinila niya ito at ikinulong sa mga bisig. "I love you, sis. Kahit ano'ng mangyari, nandito lang ako para sa 'yo."

"I love you din, Kuya." Gumanti ito ng yakap bago bumitaw at nagtungo sa kusina.

Dumerecho naman si Nico sa maliit na silid na tinutulugan nilang mag-ama. Nakita niyang masarap ang tulog ng huli. Ang laki na ng ipinagbago nito mula nang muling bumalik ang ina niya sa buhay nila. Noon ay nakabangon na ito mula sa bisyo at nagbago para sa kanilang magkapatid.

At biglang pumasok sa isip niya ang imahe ni Kalea kanina. Isang parte ng isip niya ang natukso sa proposisyon nito, hindi dahil sa pera kundi dahil sa dalaga.

Gusto niya ito. Hindi niya maitatangi iyon, maganda at accomplished ang boss niya. Unang beses na lumapat ang mga mata niya rito ay nabighani na siya sa babae. Pero hanggang doon

lang iyon.

Pero ngayon, binibigyan siya ng pagkakataong makasama ito.

Ipinilig niya ang ulo. Mali iyon. Hindi siya puwedeng maging makasarili, buhay ng isang batang walang muwang ang pinag-uusapan.

Kung sabagay, mayaman ang pamilya Montero at alam niyang hindi dadanasin ng magiging anak nila ang buhay na dinanas niya. Pero makakaya ba niyang ipamigay na lang basta ang anak niya kung saka-sakali?

Para sa kanya, pamilya ang pinakaimportanteng bagay sa mundo. At maprinsipyo siyang tao. Makakaya niya bang ibaba ang sarili niya para lamang sa pansariling dahilan?

“Kuya, mainit na ’yong pagkain. Halika na bago pa lumamig.” Boses ni Abbie ang gumambala sa pag-iisip niya.

Ayaw niyang mag-isip, ayaw niyang paglaruan sa isip kung gaano katamis at kalambot ang katawan ng dalaga kung aangkinin niya ito. Mas lalong ayaw niyang matukso at bumigay dahil alam niyang walang katuturan ang puwedeng mamagitan sa kanila. Para kay Kalea, business deal lamang iyon.

CHAPTER *Three*

“*K*uya, may bisita ka,” tawag ni Abbie mula sa labas ng pinto. Kasalukuyan siyang naliligo noon. “Bilisan mo diyan, papaupuin ko siya sa sala.”

“Sige, sandali na lang, matatapos na ako.” Nagmadali siyang tapusin ang paliligo at agad nagbihis.

Natigilan siya nang makita kung sino ang nakaupo at naghihintay sa kanya sa sala nila; walang iba kundi si Kalea. Tumayo ito nang makita siyang pumasok.

Saglit na nagsalubong ang mga paningin nila at bumilis ang pintig ng puso niya. Napakaganda nito sa simpleng puting bestidang suot at tila nagliwanag ang maliit na sala nila dahil sa presensya ng dalaga.

“Maupo ka.” Muli niyang itinuro ang upuan bago saglit na pumasok sa silid para isampay ang tuwalyang ginamit. “Hindi ko alam na alam mo pala kung saan ako nakatira. Hindi ka nga nagbibiro nang sabihin mo sa aking inalam mo ang tungkol sa personal kong buhay. Ano’ng sadya mo? Bakit ka nagpunta rito?” derechong tanong niya. Boss niya ito sa kompanya pero nasa loob ito ng pamamahay niya.

“Gusto kong pag-usapan uli natin ang tungkol sa nabanggit ko sa ’yo kahapon. Hindi mo ako binigyan ng pagkakataong sagutin ka. At gusto kong malaman mong hindi ko intensyong insultuhin ka. Nirerespeto kita, ang huling gugustuhin ko ay ang insultuhin ka,” mababa ang tinig na sagot nito.

“Hindi mo man intensyon pero nainsulto pa rin ako, Miss Montero,” malamig ang tinig na sagot niya.

Namula ang mga pisngi nito at nagbawi ng tingin. Nahiya naman siya sa sarili. Nagpunta ito roon para humingi ng dispensa, puwede niyang tanggapin iyon nang maluwag sa dibdib at kalimutan na ang lahat. Ang mahirap, iyong huli. Hindi siya halos nakatulog magdamag dahil naglaro sa imahinasyon niya ang imahe nilang dalawa, magkasalo sa ligayang dulot sa isa’t isa. At hindi niya mapigilan ang sariling magpantasya. Maging sa panaginip, kaulayaw niya ang dalaga.

“Gusto ko pa ring malaman mong hindi nagbago

ang isip ko, Nico. Ikaw ang pinili ko. Please, huwag kang mainsulto.” Itinaas ni Kalea ang kamay at ipinatong sa kamay niya.

Tila may kuryenteng dumaloy doon. Napansin niyang bahagyang nanlaki din ang mga mata ng dalaga bago mabilis na binawi ang kamay nito.

“So kung papayag ako, ano, pupunta tayo sa lugar kung saan walang makakakilala sa ’yo at doon magsisiping hanggang sa makabuo tayo?” prangkang tanong ni Nico.

At nasiyahan siya nang makitang umakyat ang dugo sa magkabilang pisngi ng dalaga. Yumuko ito at hindi magawang tumitig sa kanya. Crude words, but they were effective.

“Hindi natin kailangang ano, uhm, magtalik. May artificial insemination naman at sperm mo lang ang kailangan ko,” pabulong na sagot nito.

Ang binata naman ang natigilan. Sa dami ng pantasya niya nang nakaraang gabi, ni isa pala doon walang magkakatatotoo.

Tapos ay bigla ulit siyang nalito kaya isinantabi muna niya ang pantasya. “Sandali, kung artificial insemination pala ang balak mo, madami namang puwedeng maging donor diyan. Bakit ako ang napili mo?”

Napangiti ang kaharap. “Sinabi ko na sa ’yo, I admire you. At alam kong mabuti kang tao. At, uhm,

you have good genes.”

Ibig sabihin, guwapo siya.

Saglit na nag-isip si Nico at pinag-aralan ang dalaga. Hindi man malinaw sa kanya ang rason nito kung bakit sa dinami-dami ng naging nobyo nito ay siya pa rin ang napili, hindi na niya itinanong. Malalaman din niya iyon.

“Isa na nga lang ang kasiyahan sa paggawa ng anak, inalis mo pa,” komento niya at nakita na naman niya ang pagragasa ng dugo sa mukha nito. “Paano kung pumayag ako pero sa ibang kondisyon?” nananantiyang tanong niya.

Natigilan ito. “Ano’ng kondisyon?”

“Hindi ko gusto ng pera mo, naiinsulto ang pagkatao ko sa suhestiyon mong iyon. Sabihin mo sa akin, virgin ka pa ba?” prangkang tanong niya.

At iyon na naman, nagmukhang kamatis sa kapulahan ang mukha nito. “I don’t see how this is related to the subject,” bulong ni Kalea.

Tumawa siya. “Eto ang kundisyon ko: papayag akong mag-donate ng sperm kung magiging nobya kita sa loob ng dalawang buwan.”

“Ano!” Nanlalaki ang mga mata nito.

“Mas okay naman iyon kaysa bayaran mo ako para lang magkaroon ng ama ang magiging anak mo,” kalmado ang boses na sagot ni Nico, pero tila kabayong tumatakbo ang kanyang puso. Hindi niya

alam kung saan nanggagaling ang mga salitang lumalabas sa bibig niya. Basta lumabas na lang at alam niyang wala nang bawian. “Huwag kang mag-alala, hindi ko ugaling manamantala. Wala namang ipinag-iba ang magiging relasyon natin sa nakaraan mong mga relasyon. Maliban na lang sa hindi ako nanligaw at walang ‘I love you’ na kasangkot. Walang pagkukunwari. Dalawang tao lang na in-enjoy ang isa’t isa.”

“Ayokong makipag-sex sa ’yo.”

Natawa ulit siya. “Hindi ko naman sinabing magse-sex tayo. Pero allowed ang halik. Siguro naman, nahalikan ka na?”

“Of course. Ano’ng tingin mo sa akin, santo?” tila nainsultong tanong nito. Natawa siya. “Pero ano’ng makukuha mo pagkatapos nito?”

“Ang makasama ka?” patanong na sagot niya.

Tila ayaw nitong maniwala. Naghintay lang siya. “So, do we have a deal then?” aniya kapagdaka.

“Deal.” Inabot ni Kalea ang kamay para kamayan siya. Gamit ang palad nitong hawak niya, hinila niya ito palapit sa kanya. Nanlaki ang mga mata ni Kalea. “Mas maganda siguro kung halik ang magsi-seal ng deal na ito,” bulong niya bago inangkin ang mga labi nitong nanunukso sa kanyang imahinasyon.

Saglit itong nanigas sa mga braso niya bago lumambot at lumapat sa katawan niya. Pinigil niya

ang pag-alpas ng matagumpay na ungol at lalo pang pinalalim ang halik na pinagsasaluhan nila.

Pareho na silang kinakapos ng hininga nang pakawalan niya ang matatamis at nakakalulong na labi nito. Hinaplos niya iyon ng daliri, namumula at mamasa-masa dahil sa halik niya.

“Mula ngayon, girlfriend na kita,” bulong ni Nico. Pareho silang hinihinala at naghahalo ang maiinit na hininga nila.



Ayaw gumana nang maayos ng utak ni Kalea. Tila iyon inalog at nilindol sanhi ng halik ni Nico. Halik lang iyon, paano pa kaya kung higit doon ang gawin ng binata?

Tiningnan niya ito. Abala ito sa paghahanda ng agahan sa mesa. Natural ang kilos, halatang sanay ito sa gawaing iyon.

Bumaba ang mga mata niya sa katawan nito. Malapad ang balikat ng kanyang empleyado, na pinarisan ng mamasel na braso at bumaba sa narrow waist nito. And he has a nice ass, too. Matangkad din ang binata na binagayan ng kulay tsokolate nitong balat. Halatang banat sa trabaho ang katawan nito at alam niyang matigas iyon dahil sa nahawakan niya iyon kanina. Lagpas-balikat ang buhok nito na ngayon ay nakalugay. Pero kapag nasa trabaho ito

ay nakatali iyon.

Hindi niya napansing napatagal na pala ang ginawa niyang pagtitig at pag-aaral sa anyo ng lalaki. Natauhan lamang siya nang marinig ang ginawang pagtikhim ng binata. Nang mag-angat siya ng mukha, nakangiting mukha ni Nico ang sumalubong sa kanya. Nag-tumbling ang puso niya.

Shit, ang guwapo talaga. Bad boy ang anyo pero marshmallow naman sa loob. Alam niya iyon, nakita niya kung paano nitong lambingin ang kapatid at kung paano kinausap ang ama.

“K’ain na tayo. Kahit gustung-gusto kong tinititigan mo ako, mata mo lang ang mabubusog diyan, hindi ang tiyan mo.”

Nag-init ang mga pisngi ni Kalea. Tumayo siya at lumapit sa lamesa. Inasikaso naman siya ng binata.

“Ako na.” Inagaw niya ang serving spoon mula dito, pero inilayo iyon ng kaharap. “Nakakahiyang pinagsisilbihan mo ako. Ako na nga’ng umabala sa ’yo, ako pa’ng inaasikaso,”

“Girlfriend kita, natural lang na alagaan kita.” Nanlambot ang laman niya sa naging sagot nito. “Maupo ka lang diyan at kumain, ako’ng bahala sa ’yo.”

“Thank you,” nahihiyang sabi niya.

“Dapat siguro humingi ako ng halik sa tuwing magpapasalamat ka sa akin.” Kumindat pa ito sa

kanya, bago yumuko at ginawaran siya ng magaang na halik sa labi. Napapikit naman siya. “K’ain na,”

“Bakit biglang nagbago ang isip mo?” hindi niya naiwasang itanong. Sa reaksiyon kasi ni Nico nang nakaraang gabi, akala niya wala na siyang pag-asang baguhin ang isip nito.

“Naisip ko kasing desidido kang isakatuparan ang plano mo. Hindi ko man maintindihan kung bakit ako ang napili mo, tutulungan pa rin kita.” Seryoso ang expression nito habang nakatitig sa kanya. “Pero gusto kong nand’on ako para sa anak ko, Kalea. Hindi lang kapag malaki na siya. Gusto kong kasama mo ako mula sa oras na maglihi ka hanggang sa manganak ka.”

“Pero iyon nga ang dahilan kung bakit ikaw ang pinili ko, Nico. Gusto kong sa akin tumira ang anak ko. Kasi ’yong mga naging boyfriend ko na mayayaman, puwede nilang kunin sa akin ang anak ko.”

“Akala ko ba pinili mo ako dahil hinangaan mo ang mga prinsipyo ko sa buhay? Naisip mo na sanang hindang-hindi ko aabandunahin ang magiging anak ko. Papayag akong sa ’yo siya tumira pero dadalaw pa rin ako sa kanya. At puwede ko siyang kunin anumang oras na gusto ko.” Matigas ang tinig ng kausap. Halatang may bakal sa likod ng salita nito.

Labag man sa kalooban, hindi niya maiwasang

humanga kay Nico. Hindi ito ang klase ng taong magpapaapi at lalong hindi nito ugaling sumuko.

“Mayaman ka nga, Kalea, pero hindi sapat ang pera para punan ang pangangailangan ng isang anak. Kailangan din niya ng pagmamahal ng isang ama. Alam mo iyan dahil lumaki ka sa poder ng mommy mo.”

Hindi siya nakasagot agad. “Paano kung sabihin kong hindi ako pumapayag sa kondisyon mo?” mayamaya ay hamon niya.

Ngumiti ito. Iyong ngiti ng nakakaalam na panalo na ito sa laro bago pa man mag-umpisa iyon. “Ikaw ang lumapit sa akin, Kalea. Puwede kang umalis ngayon at huwag nang bumalik, walang mawawala sa akin dahil hindi naman ako ang nangangailangan ng serbisyo mo.”

Damn! Ang taas ng bilib nito sa sarili. Pero tama na naman. Siya ang lumapit at kapag nag-walkout siya, siya ang mawawalan. Ito ang lalaking gusto niya. Yaman, meron siya, pero hindi niya kayang magmilagro para bumuo ng sariling anak.

“Fine. Payag na ako sa gusto mo. Naisip ko na rin naman iyan bago kita lapitan. At least sa ’yo, hindi mo sosolohin ang custody ng bata.”

“Hindi. Kasi alam kong kaya mong ibigay sa kanya ang magandang buhay. At alam kong mamahalin mo rin siya. Magiging mabuti kang ina.”

Uminit ang pakiramdam ni Kalea sa papuri ng kausap. Nawala rin ang agam-agam sa kanyang puso. Tama ang naging desisyon niyang ito ang maging ama ng anak niya. A man of principle and honor.

“Thank you. Magiging girlfriend mo ako sa loob ng dalawang buwan, pero ako pa rin ang masusunod. Ayokong dinidiktahan ako ng ibang tao, gusto ko kontrolado ko ang buhay ko,” aniya.

Isa sa mga dahilan kung bakit hindi nagtagal ang nakaraang mga pakikipagrelasyon niya. Mahirap para sa kanyang basta na lamang sumunod sa dikta ng ibang tao.

“Tingnan natin,” mahinang bulong ng binata pero umabot din sa pandinig niya.

“Ano’ng sabi mo?” Lumaki ang butas ng ilong ni Kalea.

“Wala. S’abi ko, ang ganda mo. Sige na, kumain ka na. Wala ka bang pasok ngayong araw? Kasi tanghali na,” pag-iiba nito ng usapan habang sumusubo ng pagkain.

“Ako naman ang big boss kaya ayos lang na malarate ako paminsan-minsan,” masungit na sagot niya.

Hindi niya alam kung bakit napangiti ang binata. Ang ibang naging nobyo niya ay ayaw na ayaw na nagsusungit siya.

“Hindi ka ba mahihiyang malaman nila na ako ang boyfriend mo? Kahit na dalawang buwan lang

iyon? Hindi ka ba maiilang na hamak na waiter lang ang boyfriend mo?” Seryoso ang mukha ni Nico at mukhang noon lang naisip ang ibubunga ng gagawin nila.

“Ano nama’ng pakialam ko sa sasabihin nila? Sa family ko ang *Sapphire Hotel* at ako ang CEO. Kung may problema sila sa personal kong buhay, di humanap sila ng ibang pagtatrabahuhan. Gan’on lang iyon.”

“Grabe, ang lupit mo pala.”

“Hindi ako malupit. Sinasabi ko lang kung ano ang nasa isip ko,” depensa niya. “Ikaw ba, ikakahiya mo ba ako?”

“Bakit naman kita ikakahiya? Dapat nga, ipagyabang kita kasi bukod sa maganda ka, mayaman pa. O,saan ka pa?” buong pagmamalaking sagot nito.

“Kaya ka ba pumayag dahil diyan?”

Nabura ang ngiti ng kausap. “Ganyan ba ang tingin mo sa akin?”

Wala sa sariling niyakap ni Kalea ang sarili. Tila may hanging malamig na bumalot sa katawan niya dahil sa lamig ng tinig nito.

“Hindi, Nico. I’m sorry, hindi ko lang kasi alam kung ano ang iisipin ko. Tinanggihan mo ang limang milyon, kapalit ng ano? Tapos, sinabi mo iyon and that got me thinking.”

“Sa loob ng dalawang araw, dalawang beses mo na rin akong iniinsulto. Magiging regular na routine mo na ba iyan?” Malamig pa rin ang boses nito.

Napangiwi siya dahil tama ito. Sa dalawang beses na nagkasama sila, nauwi iyon sa di-sinasadyang pang-iinsulto niya sa binata. Nakaramdam siya ng hiya.

“Sorry,” puno ng sensiridad ang tinig ni Kalea. She respected Nico, and the last thing she wanted to do was to insult him.

“Kalimutan na natin iyon. Kahit naman pinaimbistigahan mo ang buhay ko, hindi mo pa rin ako lubusang kilala. Kaya nga hiningi ko ang dalawang buwan para makilala natin ang isa’t isa. At kung magbago ang isip mo pagkatapos ng dalawang buwan, maiintindihan ko. Kinabukasan mo at ng magiging anak natin ang nakataya dito,” malumanay ang tonong sabi nito.

Nakahinga nang maluwag si Kalea. At may naidagdag na namang magandang katangian nito sa kanyang listahan. “Hihilingin kong walang halong pagkukunwari ang pakikitungo natin sa isa’t isa. Gusto kong makilala mo kung sino talaga ako para maiwasan ang panghuhusga.”

Bago pa niya naisip kung tama ang gagawin niya, nakadukwang na si Kalea at hinuli ang mga labi ng binata. Labis ang tuwa niya dahil alam niyang hindi

siya nagkamali sa pagpili rito.

Awang ang mga labi ni Nico dahil sa pagkagulat at saglit itong hindi nakakilos, pero agad gumanti ng halik. Ang binata na ang nagpalalim sa halik na pinagsasaluhan nila. At wala sa isip niyang kumalas mula rito. Napaungol siya nang ipasok nito ang dila sa bibig niya para saliksikin ang tamis niyon.

“Kakain sana ako kaso baka nakakaistorbo ako. Doon na lang ako sa kanto mag-aagahan.”

Napabilis ang paghihiwalay nila. Mukhang kamatis na hinog ang mukha niya lalo na nang makita ang nanunuksong ngiti sa mga labi ni Abbie.

Nang makita ng dalawa ang mukha niya, sabay na humagalpang ng tawa ang mga ito.

Napangiti na rin siya sabay kurot sa tagiliran ng binata. Natatawang umilag ito.